

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 1:
Kakayahan Ko, Pagyayamanin Ko



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 1: Kakayahan Ko, Pagyayamanin Ko
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Al John U. Febrero
Editor:	Benedick T. Viola, Marie Ann C. Ligsay
Tagasuri:	Augusto A. Mateo, Rosalinda S. Ibarra
Tagaguhit:	Jinky H. Martin, Imelda B. Sicat
Tagalapat:	Aiza G. Dingle
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas Nestor P. Nuesca, Larry B. Espiritu, Rodolfo A. Dizon Mercedita D. Saldero

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P)

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 1:
Kakayahan Ko, Pagyayamanin Ko

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay naghanda ng mga gawaing makatutulong sa iyo na maisakilos ang sariling kakayahan sa iba't ibang pamamaraan. (EsP2PKP-Ia -b-2)

Pagkatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahan na:

1. Natutukoy ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kakayahan o talento.
2. Naiisa-isa ang pamamaraan upang mapaunlad ang sariling talento o kakayahan.
3. Naibabahagi at naipapakita ang kakayahan o talento na kayang gawin.



Subukin

Panuto: Isulat sa patlang ang salitang **TAMA** kung wasto ang sinasaad ng pangungusap at **MALI** kung hindi ito wasto. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno o sagutang papel.

1. Ibabahagi ko ang aking kakayahan.
2. Pauunlarin ko ang aking natatanging kakayahan.
3. Hindi ako maglalaan ng oras upang mag -ensayo.
4. Ikahihiya ko ang aking kahinaan.
5. Gagamitin ko ang aking kakayahan upang makapagpasaya ng iba.

Kakayahan Ko, Pagyayamanin Ko

Ang bawat tao ay may kaniya- kaniyang talento o kakayahan. Maaaring ang mga talentong ito ay kaloob ng Poong Maykapal, namana mula sa pamilyang kinabibilangan o bunga ng pag-eensayo at pagsusumikap na matutuhan at matamo ito.

Basahin ang tulang may pamagat na “Talento ko, Mapapahanga Kayo”. Dito ay iyong mababasa ang iba’t ibang uri ng talento o kakayahan na maaaring mayroon ka na o gusto mo pang malinang. Ihahanda ka nito sa kasunod na gawain na dapat mong sagutin.

Talento Ko, Mapapahanga Kayo

Maganda ang aking paggalaw,
magaling akong sumayaw
Mahusay akong gumuhit,
magagandang lugar ay aking mapapalapit.

Nasa tono kong tinig,
ang iyong puso ay mapapapintig.
Malakas kong pangangatawan,
mananalo sa palakasan.

Madamdamin kong pagsusulat,
isip mo ay pagaganahin.

Malinaw kong pagbigkas
ako ay mauunawan nang wagas.

Ito ang mga kakayahan na aking angkin
ipagmamalaki at pauunlarin.



Balikan

Panuto: Mula sa tulang iyong binasa, isa-isahin ang mga kakayahan/talento na nabanggit. Tukuyin kung ito ay kaya mo sa pamamagitan ng pagguhit ng bituin ☆ at tatsulok △ kung hindi pa. Ilagay mo ang iyong sagot sa talahanayan. Gawin ito sa inyong kuwaderno o sagutang papel.

Kakayahan	Kaya na	Hindi pa kaya
a. Pagsayaw		
b. Pag-awit		
c. Pagguhit		
d. Laro/ pampalakasan		
e. Pagsulat		



Mga Tala para sa Guro

Kakayahan/Talento

- Mga bagay na kaya mong gawin o mga bagay kung saan ka magaling

Ang bawat tao ay may kani- kaniyang talento o kakayahan. Maaaring ang mga ito ay kaloob ng Dakilang Lumikha o namana sa pamilyang kinabibilangan o bunga ng pag-eensayo at pagsusumikap na matutuhan at matamo ito.

Ilan sa mga halimbawa ng talento o kakayahan na mayroon ang bawat tao ay:

- | | |
|-------------|-------------|
| 1. pagsayaw | 4. pagsulat |
| 2. pag-awit | 5. pagguhit |
| 3. paglaro | 6. pagtula |

Marapat lamang na paunlarin ang mga ito sa pamamagitan ng pag-eensayo, pagsali sa mga patimpalak kung saan mahahasa ang kakayahan at paghingi ng tulong sa mga taong magagaling sa talento o kakayahan na iyong taglay.



Tuklasin

Ang **kakayahan o talento** ay ang kagalingan ng isang tao sa isang partikular na bagay.

Lahat tayo ay may kaniya-kaniyang kakayahan o talento na maaari nating paunlarin at ipakita sa iba't ibang paraan. Dapat natin itong paunlarin sa pamamagitan ng pagsasanay, pagpapaturong at pagsali sa mga palatuntunan. Ang pagbabahagi ng kakayahang taglay mo ay isang magandang ugali.

Mabuting Dulot ng Pagbabahagi ng Talento o Kakayahan

1. Mapauunlad at mas mapaghuhusay ang taglay na talento.
2. Makapagbibigay ito ng saya sa iyong sarili, pamilya, kaibigan at kakilala.
3. Malalabanan ang takot at hiya na maaaring maramdaman sa pagharap sa ibang tao.




Suriin

Panuto: Kumpletuhin ang kahon ng mga titik upang matukoy ang ginagawa ng mga bata sa larawan. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno o sagutang papel.




u m w t




n a i i n t a



s a s a a w



n a a a r o



Pagyamanin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot sa sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno o sagutang papel.

1. Ano ang natatanging tinataglay ng bawat bata?

- | | |
|-------------|----------------|
| A. Kasama | C. Kakayahan |
| B. Kabataan | D. Kapaligiran |

2. Mayroon kang natatanging kakayahan, ano ang dapat mong gawin?

- A. Hindi ko sasabihin kahit kanino.
- B. Ipakikita ko at pauunlarin ko ito.
- C. Ikahihiya ko ang aking kakayahan.
- D. Hindi ako iimik para hindi nila malaman.

3. Si Alma ay mahusay sumayaw. Nais itong makita ng kaniyang mga kamag-aral. Ano ang dapat niyang gawin?

- A. Hindi siya sasayaw.
- B. Aawit siya sa kaniyang mga kamag-aral.
- C. Magtatago siya upang hindi siya makasayaw.
- D. Ipapakita niya ang kahusayan niya sa pagsayaw sa mga kamag aral.

4. Ano ang mararamdaman mo kapag ipinakikita mo ang iyong kakayahan sa iba?

A. Maiinis

C. Magiging masaya

B. Magagalit

D. Magiging malungkot

5. Si Bela ay mahusay bumigkas ng tula. Anong kakayahan ang dapat niyang ipakita?

A. Pagtula

C. Pagpinta

B. Pag-awit

D. Pagsayaw



Isaisip

Ang bawat tao ay mayroong kani kaniyang _____ o _____. Sikaping pagyamanin ang kakayahang iyong taglay. Paunlarin ang mga ito, palakasin ang iyong kahinaan upang magtagumpay.



Isagawa

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno o sagutang papel.

1. Mahusay ka sa pag-awit. Paano mo ito pauunlarin?

- A. Maging masipag sa pag-eensayo.
- B. Umawit ayon sa kagustuhan ng iba.
- C. Sumayaw dahil magaling dito ang kaibigan.
- D. Sumigaw nang sumigaw.

2. Magaling kang sumayaw. Paano mo ito gagamitin?

- A. Ikahiya ang kakayahan
- B. Sumali sa paligsahan sa pag-awit.
- C. Sumayaw ng walang nakakakita.
- D. Manguna sa pagbuo ng mga sayaw na kailangan sa mga programa ng paaralan.

3. May paligsahan sa pagguhit sa inyong paaralan at mayroon kang kakayahan dito. Ano ang nararapat mong gawin?

- A. Sasali dahil magaling ka na.
- B. Lalahok dahil gusto ng iyong kapatid.
- C. Hindi lalahok dahil may mas magaling kaysa sa iyo.
- D. Sasali upang mapaunlad ang iyong kakayahan.

4. Nalalapit na ang paligsahan sa pabilisan sa pagtakbo. Mabilis kang tumakbo. Ano ang iyong gagawin?

- A. Sasali ka upang matalo ang iyong kaaway.
- B. Aabsent/ liliban ka sa klase para di makasali.
- C. Hindi mo ipapaalam na mabilis ka sa takbuhan.
- D. Sasali ka upang mas mapaunlad ang iyong kakayahan.

5. Kailangan ninyong bumigkas ng tula para sa inyong mga guro. Alin sa sumusunod ang iyong gagawin?

- A. Magdadahilan kang nakalimutan mo.
- B. Magkukunwari kang umiiyak.
- C. Magsasanay ka upang mapasaya ang iyong mga guro.
- D. Magagalit ka sa iyong guro dahil ayaw mong bumigkas ng tula.



Tayahin

A. Panuto: Pagtambalin ang larawan na nasa Hanay A sa mga talento sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

Hanay A

Hanay B

1.



A. Pagsayaw

2.



B. Pagtula

3.



C. Pag-awit

4.



D. Paglalaro

B. Panuto: Piliin ang titik sa mga hakbang na makatutulong upang gumaling sina Ana at Boy sa pagkanta. Sagutin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.



- A. Mag-enrol sa mga eksperto sa pagkanta.
- B. Laging mag-ehersisyo upang lumambot ang kanilang katawan at tumibay ang kanilang mga buto.
- C. Kumain ng matatamis na pagkain at uminom ng malamig na tubig.
- D. Ugaliin ang pagbikas ng iba't ibang salita upang masanay ang dila at pagbuka ng bibig.
- E. Makinig sa iba't ibang musika upang mapakinggan ang tono at bilis ng awit.
- F. Magpaturo sa kaibigan o kakilala na magaling sumayaw.



Karagdagang Gawain

Panuto: Isulat sa loob ng bintana ng talento ang mga impormasyong hinihingi. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno o sagutang papel.

Mga Kakayahang Aking Taglay	Mga Kayayahang Aking Gustong Malinang
Mga Hakbang Upang Mapaunlad ang mga Taglay kong Kakayahan	Mga Taong Makatutulong upang Mapaunlad ko ang Aking mga Kakayahan



Susi sa Pagwawasto

<p>Pagyanmanin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. C 2. B 3. D 4. C 5. B 	<p>Suriin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Umaawit 2. Nagpipinta 3. Sumasayaw 4. Naglalaro 	<p>Baliknan</p> <p>Maraming posibleng sagot.</p>	<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Tama 2. Tama 3. Mali 4. Mali 5. Tama
<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"> A. 1. C 2. A 3. B 4. D B. 1. A 2. D 3. E 	<p>Isagawa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. A 2. D 3. D 4. D 5. C 		

Sanggunian

Victoria Guia-Biglete, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, Isabel Monterozo-Gonzales. 2013. Kagamitan ng Mag-aaral. Kakayahan mo, Ipakita mo; Kakayahan mo, Paunlarin mo; Kakayahan ko, Kahinaan Ko; Kakayahan ko, Papahalagahan ko. pp. 2-19.

Victoria Guia-Biglete, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, Isabel Monterozo-Gonzales. 2013. Patnubay ng Guro. Kakayahan mo, Ipakita mo; Kakayahan mo, Paunlarin mo; Kakayahan ko, Kahinaan Ko; Kakayahan ko, Papahalagahan ko. pp. 3-13.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph